AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6
**Aralin 18**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ang Mga Lambing ni Lolo Ding" na isinulat ni Becky Bravo****. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 16** |
|---|
| Book Title: Ang mga Lambing ni Lolo Ding |
| Author:  Michael M. Coroza |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**
Magandang araw sa inyong lahat! ☀☀ Andito muli si Teacher ________ para sa inyong Reading Lesson. Sa araw na ito, magbabasa tayo ng panibagong libro ito ang: 📗Ang mga Lambing ni Lolo Ding 📗 ni Michael M. Coroza.

**II. Pangako Para sa Araling Ito 🙏🏽**
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Tandaan ang mga pangakong ito!

**III. Talasalitaan 💬**
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin!

Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Taimtim** - tapat na loob o sinserided
**(2) Altar** - isang bagay na pinaghahandugan ng alay o hain bilang pananampalataya
**(3) Magtampo** - magdamdam o magtanim ng sama ng loob
**(4) Galos** - gasgas o sugat sa ibabaw ng balat at mababaw lamang

Atin nang simulan ang kwento!
--

**IV.📚 ANG MGA LAMBING NI LOLO DING NI MICHAEL M. COROZA**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Paglabas sa bakuran, madalas na lambing ni Lolo Ding👨🦳, diligin ang kaniyang mga tanim: atis, rambutan at mangga🥭 pati na ang kaniyang paboritong dilaw na gumamela.
• Laging sabi niya: "Paglaki ng mga iyan, maraming prutas tayong mapagsasaluhan at mag-aalay tayo ng bulaklak sa altar."

• Madalas na lambing ni Lolo Ding👨🦳, na matutunan kong gumawa sa bahay. Tulungan ko raw si Nanay👩 sa pagwawalis 🧹 o paghuhugas ng pinggan 🍽️.
• Lagi niyang bababla: "Pag 'di nawalis 🧹 ang dumi at alikabok, baka matabunan ka ng mga iyan sa iyong pagtulog😴. Ang mga baso 🥛 at pinggan 🍽️ pag 'di nahugasan, baka magtampo't maglayas, at wala ka nang maiinuman at makakainan."

• Pagnakikipaglaro ako sa mga bata sa kapitbahay 🏡 o sa paaralan🏫, madalas na lambing ni Lolo Ding 👨🦳na 'wag akong mang-aaway o makikipag-away.
• Ang lagi niyang banta: "Apo ko, walang napapala sa suntok at sipa kundi galos, pilay at pasa."

• Pag nakikipag-usap sa ibang tao 🗣️, madalas na lambing ni Lolo Ding👨🦳, dapat laging mahinahon at malinaw ang salita.
• Gumamit ng "po" at "opo" sa kausap na matanda. Hindi daw dapat mahiya kung ang sasabihin ay tama.
• May pananakot niyang wika: "Umiikli ang dila 👅ng nagsasabi ng masama."

•Madalas na lambing ni Lolo Ding👨🦳 na mag-aral akong mabuti.
•Matalinhaga niyang binibigkas: "May hiwaga na dapat mong maunawa at maging mga bituin ⭐⭐ ay may ibig sabihin."

•Tuwing hapong, umuuwi ako mula sa eskwela, tulad ng madalas niyang lambing, agad na magmano kay Lolo Ding👨🦳 na masayang-masayang sumasalubong sa akin.

•Isang hapon, labis akong nagtaka nang hindi ko siya makita. Sabi ni Kuya👦, nahilo at nahirapan daw huminga si Lolo Ding👨🦳, kaya't isinugod nina Tatay at Nanay sa ospital.

•Nang dalawin ko siya sa ospital🏥, nasilip kong nakahiga lamang at natutulog ng mahimbing si Lolo Ding👨🦳. May nakapasok na kung anong tubo sa kanyang bibig. May nakatusok na kung ano sa kanyang braso.

•May isang taon na ngayon mula nang tuluyang mahimbing at hindi na muling nagising si Lolo Ding. Nang tabunan ng lupa ang kanyang kabaong⚰, may tila naririnig👂 akong bulong: "Walang hindi nagbabalik sa lupa."

•Nang unang gabing 🌌 hindi ko na siya katabi sa higaan🛏, tila kinuhit ako ng hangin upang silipin sa bintana ang mga bituin⭐⭐.
•Kikindat-kindat sila na parang may ibig sabihin: "Narito ang iyong Lolo Ding👨🦳, payapang nahihimbing sa piling namin."

•May alay ako ngayong pumpon ng dilaw na gumamela sa puntod ni Lolo Ding.
•Hindi man niya makita o maaamoy ang mga ito sa kaniyang mahimbing na pagtulog, ang higit na mahalaga ay hindi ko siya makalimot.
•Dahil noong kapiling ko pa siya, madalas niyang inilalambing: "Magpakabait ka, apo ko, at lagi mo kong alalahanin👦💭."
--

Natapos na natin! Ang galing!

**V. Gawain ✏**
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎Maraming lambing si Lolo Ding sa kanyang apo, tuwing umaga☀, ano ang lambing ni Lolo Ding?

🔎 Maraming tanim si Lolo Ding sa kanyang maliit na hardin. Naaalala 🤔 mo ba ang mga ito?

🔎 Bilin din ni Lolo ang maging mahinahon at malinaw pag nagsasalita 🗣. Ngunit, may isa pa siyang babala! Ano raw ang mangyayari sa taong nagsasabi ng masama?

**VI. Pagnilayan 🙏🏽**
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan 🤔🤔ang tanong na ito:

Anong mga mahahalaga at mabuting aral ang iyong natutunan sa mga taong nakatatanda sa iyo?

Ang ating mga magulang👪, lolo at lola👨👩 ay maraming mga aral na maaaring ibigay sa atin. Maaaring iba ang sitwasyon sa panahon nila ngunit may mga aral na mahalaga maging gano man katagal ang panahon, tulad ng paggalang, pananampalataya 🙏 at pagiging matiyaga. Ating pakinggan 👂 ang kanilang mga pangaral dahil ang mga ito'y mahalagang kayamanan na ating madadala habambuhay.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏

🔎Lambing ni Lolo'y taimtim na manalangin🙏, at ipagpasalamat ang muling pagmulat o paggising sa panibagong araw☀. Ikaw, anong ginagawa mo paggising sa umaga?

🔎Si Lolo Ding ay may mga tanim na prutas bulaklak. Siya ay may atis, rambutan at mangga. Meron din siyang dilaw na gumamela. Kung ikaw ay may maliit na hardin, ano ang itatanim mo dito? 🌱🌱

🔎Ang pagsasabi ng masama raw ay nakakaikli ng dila👅! Kaya't laging magsabi ng mabuti at tama.

**VIII. Pagtatapos**✔

May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤
-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.